

# 1

“Barbie, Hija, bakit hindi ka pa nagbibihis?” tanong ni Marcela sa anak.

Nagkibit-balikat lamang ang dalaga. Matamlay siya simula pa kaninang umaga. Tila wala siyang pakialam sa debut party niya. She wasn't looking forward to this night. She felt rejected more than ever. Sa nakaraang dalawang buwan, hirap na hirap siya sa pangungumbinsi sa mga lalaking kakilala niya to take part in her debut. Last week lang niya nakompleto ang mga participants sa eighteen roses niya. All because mataba siya!

Thirty-one ang waistline niya, pero hindi naman siya pangit. At least, iyon ang sinabi ng mga magulang at mga kaibigan niya. Pero siyempre naman, di ba?

Hindi siya excited magbihis at lumabas, dahil pagtatawanan lang siya ng mga bisita nila. ‘Ang matabang dalaga’ ni Judge Abarca, hindi ba’t iyon ang magiging komento nila?

“Mommy, bakit kasi kailangan pa ng ganitong party? P’wede namang tayo-tayo na lang ang mag-celebrate, ah,” sagot niya sa ina.

*P.H.A.T. (Pretty, Hot And Tempting) Barbie - Venice Del Valle*

Nakabihis na ang kanyang Mommy Marcela. Napakaganda nito sa peach evening dress. Marahil kung nakatalikod ito, baka mapagkamalan pang ito ang debutante. Napasimangot si Barbara. Kung sana namana na lamang niya ang pangangatawan ng kanyang ina, pati na rin ang pagiging mestiza nito... May lahing Español kasi ang ginang.

“Barbara naman, hindi mo ba alam kung gaano kaimportante ang eighteenth birthday ng isang babae?” tanong nito.

There goes her mother. Ang kanyang ina na naniniwala pa rin sa mga lumang tradisyon. Isang mandate na magkaroon siya ng coming-of-age party. Siya lamang ang may ganoon sa barkada niya.

“Yeah, right, para ibandera ang mga anak na dalaga...” malungkot niyang sagot.

Kung may ideya lamang sana ang mga ito sa nararamdaman niya.

“Sige na, isuot mo na ang gown mo,” utos ni Marcela.

Sumunod na lamang siya at kaagad na kinuha ang kanyang gown na nakalatag sa kama. Kanina pa siya naka-makeup. Nasa ibaba na nga ang nag-ayos sa kanya. Marahil nagsimula na ang kasayahan.

*P.H.A.T. (Pretty, Hot And Tempting) Barbie - Venice Del Valle*

Lavender ang kulay ng gown niya. May ruffles ito sa leeg at lalong nagmukhang mataba si Barbie. Kung bakit naman kasi nagpapaniwala ang mommy niya sa nagtahi ng damit na iyon. Mahaba ang naturang damit, abot sa sakong niya. Isang pares ng matching lavender sandals ang isinuot niya.

Tinulungan siya ng ginang sa pagbibihis. Much to their dismay, halos hindi magkasya ang kasuotang iyon sa dalaga. Apparently, sa nakaraang isang buwan ay tumaba uli siya.

“Naku, ang hirap namang itaas ng zipper na ’to,” reklamo ni Marcela sa anak.

“My, ikaw ang nasabi na dapat fitted ang gown ko,” sumbat niya.

Napailing lamang si Barbie. Kung sana hindi na nila tinuloy ito, bawas gastos na nga, hindi pa siya mapapahiya. Para saan ba ang debut na ito? Inimbitahan ang lahat ng mga kaibigan ng mga magulang niya, at siyempre pa ang mga anak ng mga ito. Nang sumilip siya sa ibaba kanina, naroon na ang ilan sa mga kaklase niya maging ang mga kaibigan niya. Ganoonpaman, hindi siya masayang makita ang barkada ni Tiffany. Wala naman siyang magawa dahil hindi yata niya party ito kundi party ng mga magulang niya. Ang nakakainis pa, hindi ang

*P.H.A.T. (Pretty, Hot And Tempting) Barbie - Venice Del Valle*

mag-asawa ang nahirapan sa paghahanap ng labing-walong lalaki para sa kanya.

Masakit isipin na kung anu-anong dahilan ang ibinigay ng mga lalaking akala niya ay mga kaibigan niya. Marami raw exams, hindi makaka-attend. Ang isa naman, kailangan daw magbantay ng bahay; na para bang tatakbo ang bahay nito kung hindi babantayan.

Mula sa ibaba, narinig niya ang pagpapakilala sa kanya ng kanyang ama. At pagkarinig niya ng kanyang pangalan, kaagad siyang bababa upang masilayan siya ng mga kaibigan ng mga magulang. Mostly mga abogado at mga pamilya ng mga ito ang panauhin ng kanyang ama. Habang ang kanyang ina naman, malamang, ang mga pinakasosyalerang ginang sa probinsya nila.

“Thank you so much for spending the evening with us,” panimula ng kanyang ama, si Judge Rodrigo Abarca.

Pagkaraang masambit ang mga katagang iyon, tumahimik ang paligid. Ang party ay kasalukuyang ginaganap sa bahay lamang nila. Malaki ang hardin nila at pati na rin ang sala. Sa isang matayog na hagdanan bababa si Barbie. And God knows kung gaano siya kinakabahan. Napakataas ng sapatos niya.

P.H.A.T. (Pretty, Hot And Tempting) Barbie - Venice Del Valle

At maaaring anumang sandali ay bigla na lang siya malaglag sa hagdanan.

Ah, walang puwedeng masamang mangyari, naisip niya. Tuwing nag-iisip kasi siya ng negative, chances are, nagkakatotoo ang mga iyon. Ayaw naman niyang i-jinx ang birthday party niya. Kahit na noong simula pa lamang ay lubhang tutol na siya rito.

“I’m proud to introduce to you, my beautiful and intelligent daughter. *Mi cherie*, the apple of my eye. As a father, wala na akong mahihiling pa. Please meet my lovely daughter, Barbara,” pakilala ng kanyang ama.

Iyon ang cue niya. Oras na marinig niya ang pangalan, lalabas na siya sa kanyang lungga. Hindi maipinta ang kanyang mukha. Pakiramdam niya ay bumabaligtad ang sikmura niya. Wala naman siyang stage fright pero iba ito. Ang lahat ng matang nakatingin sa kanya ay pag-aari ng mga taong kakilala ng mga magulang niya. Ayaw niyang ipahiya ang mga ito, kung kaya gagawin niya ang lahat upang maging proud sila sa kanya. Hindi ba’t iyon din ang dahilan kung bakit siya nag-aaral nang mabuti? At iyon din ang dahilan kung bakit hindi siya nag-bo-boyfriend at lalong hindi siya nakikipaglampungan sa kung saan-saan.

Napabuntong-hininga lamang siya. Ang totoo,

*P.H.A.T. (Pretty, Hot And Tempting) Barbie - Venice Del Valle*

wala pa namang nanligaw sa kanya. At hindi dignidad na masasabi iyon, it's just lack of opportunity.

Ngumiti siya habang binabagtas ang hagdanan. Iyon na siguro ang pinakamatamis na ngiting kaya niyang ibigay given the circumstances.

Nagpalakpakan ang mga panauhin nila. Sinulyapan niya ang kabuuan ng sala nila sa ibaba. Nasa cuarenta sigurong katao ang naroon, habang ang iba pa ay nagkasya na lamang sa hardin. Namataan niya ang ilan sa schoolmates niya. At napansin din niyang nagbubulungan ang ilan sa mga ito. Tila pinipigilang tumawa, ngunit hindi na niya pinansin ang mga iyon. Hindi niya hahayaang masira ang party niya na sa totoo lang, kanina pa talaga sirang-sira.

Fortunately, walang naging aberya ang pagbaba niya sa hagdanan. Nang tumuntong siya sa huling baitang, kaagad siyang binati ng mga amiga ng kanyang ina. Pagkaraan, ang mga pañero naman ng kanyang ama.

“Barbara, Hija, napakasuwerte naman ng mga magulang mo,” bati ni Alicia, kaibigan ni Marcela.

“Oo nga, eh, beauty and brains,” dagdag pa ng asawa nito.

“Salamat po,” ang tangi niyang tugon.

*P.H.A.T. (Pretty, Hot And Tempting) Barbie - Venice Del Valle*

Halatang nambobola lang ang mga ito dahil malamang ay may pabor na hihingin sa mga magulang niya. Sanay na siya sa ganoon. Everyone was so nice to her tuwing may kailangan sa pamilya niya.

“Happy Birthday, Barbie! Tingnan mo nga naman, parang kailan lang, batang-bata ka pa. Ngayon, ang laki-laki mo na!” saad ng isa pang amiga ng kanyang mommy.

Medyo nagpanting ang tainga niya sa tinuran ng kausap. Kailangan bang i-emphasize na ang laki-laki na niya? Alam naman niya iyon. Malaki ang itinaba niya buhat noong high school. Siguro stress lang sa pag-aaral kung kaya napaparami siya ng kain. Iyon kasi ang paborito niyang stress reliever. Hindi niya kaagad napansin na lumolobo na pala siya. Hindi naman kasi siya masyadong obsessed sa hitsura niya. Unlike her other friends, na tuwing aakyat ng isang bahagdan ang size, nag-pa-panic na. Iba siya, she had more important things to waste her time with than her size. At lubos niyang pinagsisisihan iyon ngayon. Eighteen na siya, at walang boyfriend. Tuwing may lalaki siyang napupusuan, kaagad siyang nilalayuan. Naisip niya dati na unfair iyon, there's more to it than looks, di ba? Pero hindi na uso ang inner beauty, napailing siya sa naisip.

*P.H.A.T. (Pretty, Hot And Tempting) Barbie - Venice Del Valle*

“Barbie, Anak, meet your Ninang Margarita,” sabi ni Marcela. Isang ginang na kaedad ng ina ang nasa harapan niya.

“Good evening po,” bati niya rito.

Isang ngiti ang pinakawalan ng kausap. At pagkatapos, marahan nitong tiningnan siya mula ulo hanggang paa. Nang makontento sa panunuri sa kanya, saka ito nagsalitang muli.

“Three years old ka pa lang nang huli tayong magkita. Ang bilis talaga ng pagkakataon, Mare,” si Marcela na ang kausap nito.

Napatango lamang si Barbie.

“Oo nga, eh. Kasama mo ba ang little boy mo?” tanong ng kanyang ina sa kaibigan.

Isang mahinhing tawa ang pinakawalan ni Margarita. Pagkatapos, tila may hinanap ito sa crowd ng mga bisita.

“Amiga, time flies. Baka magulat ka kapag nakita mo na ang little boy ko,” nakangiting turan ni Margarita.

“Ilang taon na ba siya sa ngayon? Twenty-one? O baka naman twenty-two na siya?”

P.H.A.T. (Pretty, Hot And Tempting) Barbie - Venice Del Valle

Mukha namang genuine ang interest nila sa pag-uusap tungkol sa mga anak.

“Ano nga ba’ng kurso niya?” dagdag pa ni Marcela.

Napailing si Margarita bago sumagot. Pagkatapos ay namilog ang mga mata nito.

“He’s twenty-one, Amiga. At kalalabas pa lang niya sa *PMA*. Pumasok siya roon much against our wishes,” anito.

Halata ang pagkadisgusto nito sa ginawa ng anak. Mukhang maraming taon ding hindi nakapag-usap ang magkaibigan, judging by their topics.

“Oh, my God, at bakit kayo pumayag?” Tila hindi rin makapaniwala si Marcela sa sinabi ng babae.

“Iyon ang gusto niya. Nakakadalawang taon na nga siya sa kursong Biology, pero bigla na lang siya pumasok sa *PMA*,” sagot ni Margarita.

“Naku, ang mga bata talaga. Ang titigas na ng ulo nila!” reklamo nito.

“Sinabi mo pa. Gusto sana namin ng daddy niya na ipagpatuloy niya ang tradisyon ng pamilya. Alam naming magiging isa siyang mabuting doctor balang araw. Matataas ang mga grado niya noon. And

P.H.A.T. (Pretty, Hot And Tempting) Barbie - Venice Del Valle  
everything just went down the drain...” malungkot na saad ng kaibigan.

Bakas sa tinig nito ang labis na panghihinayang at disappointment sa ginawa ng anak.

“Ano na ngayon ang plano niya? Natapos na ba niya ang training niya sa *PMA*?” tanong ni Marcela.

Napakunot-noo si Margarita at iwinagayway ang kanang kamay. Parang gesture ng isang doña na nagsasabing, ‘nakitamo na?’.

“When his dad got ill, wala siyang choice kundi itigil ang training niya. After all, siya ang nag-iisa naming anak na lalaki. Kailangan siya ng mga kapatid niyang babae, lalo pa’t nagdadalaga na sila,” sagot nito.

“Mabuti na rin iyon, Margie, kaysa naman mapasubo pa sa Mindanao ang anak mo. Isa pa, kailangan talaga ng mga anak mong babae ang gabay ng isang nakatatandang lalaki,” ani Marcela.

Tila nakalimutan na ng mga ito na naroon din si Barbie.

“Right now, tinatapos na niya ang Biology course niya sa *UP Diliman*. Sandali na lang din at matatapos na niya,” masayang turan ni Margie.

Halatang na-impress si Marcela. Pumasa naman si Barbie sa *University of the Philippines*, ngunit mas pinili ng dalaga na mag-aral na lamang sa *Ateneo de Manila University* dahil naroon din ang mga kaibigan niya.

“That’s great! Ito ngang si Barbie ko, sabi ko mag-UP na lang, kaso ayaw naman.” Tila nagtatampo pa rin ito sa naging desisyon ng anak.

Mayamaya pa ay isang binata ang lumapit sa kanila. Nakasuot ito ng black suit at grey slacks. Napaka-uncoordinated ng kasuotan nito, yet hindi nabawasan ang appeal. Rugged ang pagiging guwapo nito, matipuno ang pangangatawan at matangkad. Pero higit sa lahat, unang napansin ni Barbie ang makakapal nitong pilik-mata. Overall, guwapo ito.

Hindi naman niya maipaliwanag ang damdamin. Instant crush ba iyon? Pinilit niyang isipin kung sino ang lalaki, ngunit hindi niya talaga maalala kung sino ito. Apparently, bisita ito ng mga magulang niya.

“Oh, eto na pala ang little boy na sinasabi mo, Marcela.” Nakangiti si Margie habang ipinapakilala ang anak sa kanilang mag-ina.

Isang sulyap ang iginawad ng lalaki sa kanya. Kaagad naman siyang na-self-conscious. Tatal, hindi

P.H.A.T. (Pretty, Hot And Tempting) Barbie - Venice Del Valle

araw-araw na isang guwapong lalaki ang tititig sa kabuuan niya. Kung anuman ang nakita nito sa kanya, hindi naman mukhang pinagtatawanan ang katabaan niya.

“Amiga, this is Alexander. Sigurado ako, hindi mo na siya nakikilala,” nagmamalaking pahayag ni Margie.

Mukhang nasorpresa ang kanyang mommy. Marahil bata pa ang binata nang huli nitong makita ang huli.

“Oh my—si Alex na ba ito? ’Yung batang mahilig mam-bully ng mga kalaro?” Amused ang kanyang ina sa kakatitig sa binata.

Kung nailang man ang lalaki, hindi nito pinahalata. Magalang itong yumuko at inabot ang kamay kay Marcela.

“Ako nga po, Tita. Nakakahiya namang iyon ang una ninyong maaalala tungkol sa akin.” Nakangisi ito sa kausap.

Mula sa kinatatayuan niya, amoy na amoy pa rin niya ang pabango nito. May kung ano sa pagkakangiti ni Alex na hindi niya maipaliwanag. Nakapako pa rin ang mga mata niya rito nang siya naman ang ipakilala.

Napahiya siya nang tapikin siya ng ina.

“Barbie, this is Alexander. Anak siya ng Tita Margie mo,” sabi ni Marcela sa kanya.

That smile again! Mukhang perpekto ang ngipin nito kung kaya hindi nag-aalangang ngumiti. Inabot nito ang kamay niya upang makipag-shake hands. Kaagad naman itong tinugunan ni Barbie. Sana lang ay hindi nito nahalata ang panlalamig ng palad niya.

“H-hello,” bati niya.

“Alex na lang. Ang haba ng Alexander.” Wala na ang ngiti sa mukha nito, mas bagay dito ang magmukhang seryoso. Iilan lamang ang mga lalaking ganoon. Lalong gumuguwapo tuwing nakasimangot.

Pero hindi naman nakasimangot ang lalaki, hindi nga lang nakangiti.

“O-okay, Alex,” sagot niya.

Matapos ang pagpapakilala, mabuti na lamang at nakahanap ng dahilan si Margie upang hindi na siya i-detain sa presence ng mga ito.

“I’m so sorry, Barbie, marami ka pang bisita. Please, ’wag mo na kami alalahanin,” diplomatikong saad ng ginang sa kanya.

*P.H.A.T. (Pretty, Hot And Tempting) Barbie - Venice Del Valle*

Tumango ang kanyang ina, kung kaya nagpaalam na rin siya.

“Puntahan mo muna ang mga kaibigan mo, Hija,” anito.

Natagpuan niya ang kanyang mga kaibigan sa isang mesa malapit sa buffet table. Kompleto ang barkada nila sa gabing ito.

“Happy Birthday! Hindi na kami nakasingit d’un kanina,” ani Jennifer.

Matapos ang isang group hug, nakiupo siya kasama ng mga ito.

“Girl, sino ang poging iyon?” tanong ni Aira, isa sa mga best friends niya simula pa noong elementarya.

Nagkibit-balikat ang dalaga. Kung gayon, hindi lamang pala siya ang nakapansin sa lalaki.

“Anak ng kaibigan ng mommy ko,” sagot niya.

Nagtilian ang mga ito.

“In fairness... papa-ble,” panunudyo ni Aira.

Nagtawanan ang mga ito. Matapos ang ilang minuto, muli siyang nagpaalam sa mga kaibigan, magsisimula na kasi ang eighteen roses niya.

## 2

Ang kanyang Tita Jessica ang emcee ng party. Matapos nitong i-announce na simula na ng eighteen roses, kaagad nagtungo sa sala si Barbie. Maluwang ang espasyo niyon kung kaya ilang magkapareha rin ang maaaring sumayaw nang sabay-sabay. Ngunit ngayon, siya muna ang star ng nasabing sala na ginawang dance floor.

Matapos ang mahaba-haba nitong speech na hindi naman niya pinakinggan masyado, nagsimula na ang nasabing ‘ritwal’. Una siyempre sa listahan ang kanyang Daddy Rodrigo. Halatang puno ito ng pride habang magkasayaw sila.

“Smile, Anak, smile lang,” pang-e-encourage nito sa kanya.

For once, hindi siya maiilang sa kasayaw niya. Pinilit niyang ngumiti katulad ng sinabi ng kanyang ama.

“Dad, nahihiya naman ako, ang daming taong nakatingin sa akin kanina pa,” tugon niya.

“Aba, natural lamang iyon, Anak. Napakaganda ’ata ng aking unica hija,” saad nito.

Hindi siya binobola ni Judge Abarca. Nagkataon lang talaga na exaggerated minsan ang mga paniniwala nito, lalo na pagdating sa kanya. Noong nanalo nga siya sa math quiz bee noong high school, pakiramdam nito ay National Math Olympiad iyon. Ang totoo, sa school lamang nila idinaos iyon, at mga kaklase lang din niya ang nakalaban niya.

“Dad naman, ikaw lang ’ata ang nag-iisip ng ganyan,” nahihiya niyang tugon dito.

“Of course not.”

Matapos ang sayaw nilang dalawa, lumapit ang magbibigay ng pangalawang rosas sa kanya. Si Gilbert iyon, isa sa mga kaibigan niya noong high school. Komportable naman siya rito kung kaya naging maayos ang sayaw nila.

Mabilis ang mga pangyayari, nasa panglabing-pito na ang rosas na iyon. Si Matthew ang kasayaw niya, isa sa mga kaklase niya noon. Napailing si Barbie dahil noong una ay tinanggihan nito ang kanyang alok. Pero kaagad namang nagbago ang isip nito nang mapansin na nakasimangot siya. He made no effort to conceal his feelings. Halatang napipilitan lamang ito. Lingon ito nang lingon sa paligid, panay ang iwas nito sa camera. At alam niya kung bakit. Napabuntong-hininga na lamang siya. Matatapos din

ang lahat ng ito, naisip niya.

“Salamat,” sabi niya kay Matthew matapos ang sayaw nila.

Customary iyon, and it’s the least she could do matapos siyang isayaw nito. Bakit ba kasi hindi na lang nito pinanindigan na hindi ito makakadalo sa party niya?

Pagkuwan ay naalala niya kung sino siya. Siya lang naman ang kaisa-isang anak ni Judge Rodrigo Abarca. Malaking bagay na in good terms si Matthew sa pamilya niya. After all, hindi ba’t Political Science ang course nito, at planong mag-Law balang araw?

“Salamat din for inviting me. I feel so privileged,” anito sa kanya.

Hindi lingid sa kaalaman niya na pakitang-tao lamang iyon. Dahil ang totoo, malamang ay sobrang napipilitan lang ito.

Luminga-linga si Barbie sa paligid. Si Miggy ang dapat na last dance niya. Save the best for last daw, di ba? At iyon ang ginawa niya. Si Miggy na siguro ang biggest crush niya noong high school, ngunit matapos ang sayaw nila ni Matthew, hindi pa rin lumalapit ang lalaki.

*P.H.A.T. (Pretty, Hot And Tempting) Barbie - Venice Del Valle*

Hindi niya nakita kanina ang binata, ngunit posibleng sa dami ng tao, hindi lang niya ito napansin. Namumula na siya sa hiya, iyon na siguro ang pinakamahabang dalawang minuto ng buhay niya. Lumingon siya sa ina, halatang distressed na rin si Marcela. Ilang saglit pa at wala pa ring Miggy ang dumating.

---

Napailing si Alex habang minamasdan ang kawawang babae. Sa isip-isip niya, naghihintay ito sa wala. Kung talagang isasayaw ito ng kung sinumang pang-eighteenth rose nito, kanina pa dapat iyon dumating. Dalawang minuto na ring nakatayo ang debutante, at mukhang anytime ay mapapaiyak na ito.

Tumayo siya sa kinauupuan at masuwerte namang may mga tanim na rosas sa hardin na iyon; hindi nga lang malalaki ang buds niyon. Pumitas siya ng isa sa mga pulang rosas doon. Halatang native ang variety, pero hindi na iyon mahalaga. Pakiramdam niya, responsibilidad niyang iligtas sa tuluyang pagkapahiya ang anak ng kaibigan ng mama niya.

Mabilis siyang lumapit kay Barbie at kaagad niyang iniabot dito ang napitas na rosas. Halatang substitute lamang siya dahil kakaiba ang bulaklak na

ibinigay niya.

“Can I have this dance?” tanong niya sa dalaga.

Tila ito nabunutan ng tinik sa dibdib. Kanina lamang ay mukhang devastated ang ekspresyon nito sa mukha. Isang ngiti ang iginanti nito sa kanya.

“Na-late lang iyon,” ani Alex.

Hindi niya gustong ipahiya ang birthday celebrant. Mas mabuti nang kunwaring ganoon kaysa ipamukha niya rito na hindi ito sinipot ng kung sinumang tarantadong iyon. Napailing siya sa naisip. Mukhang mabait na bata si Barbie, at hindi niya sukat akalain na magagawa iyon dito ng isang lalaki.

“S-siguro nga,” sang-ayon nito.

---

Naiinis si Barbie sa sarili dahil nauutal pa rin siya. Yet, deep inside, dapat siyang magpasalamat nang sobra sa binata. Kung hindi dahil kay Alex, baka ilang buwan ding siya ang pag-uusapan sa bayan nila. Lalo siyang pagtatawanan ng mga dati niyang schoolmates. Na-i-imagine na niya ang mangyayari kung sakali mang magkaganoon.

“Maraming salamat pala,” aniya sa kasayaw.

Ngumiti lamang ito sa kanya.

“Naku, wala iyon. Kahit na sino, ganoon ang gagawin,” sagot nito.

Pero sa dinami-dami ng lalaking nandoon, hindi ba’t si Alex lang naman ang gumawa noon? Napakamaginoon nito. Alam niyang nagkukunwari ito for her benefit. Bumilis ang tibok ng puso niya. Ito ang kauna-unahang pagkakataon na isinalba siya ng isang guwapong lalaki. Hindi kaya ito na ang pagkakataon na hinihintay niya?

“Basta, salamat pa rin,” aniya.

Matapos ang sayaw nila, nagpalakpakan ang mga bisita. Nagpaalam siya kay Alex at pumasok sa kusina to compose herself. Eksaktong naroon din si Marcela.

“Anak, asikasuhin mo na sila. Ako na ang bahala sa mga ito,” pagtataboy nito sa kanya habang sinu-supervise ang paglalabas ng pagkain.

Sinisiguro ng kanyang ina na hindi mauubusan ng pagkain ang buffet table sa labas.

Medyo diyaha ang gagawin niya, pero kailangan niyang mapasalamatan si Alex.

“My, ’yun pong tiramisu?” tanong niya sa ginang.

*P.H.A.T. (Pretty, Hot And Tempting) Barbie - Venice Del Valle*

Nang masiguro nito sa kanya na ilalabas na rin ang dessert ay lumabas na siya ng kusina upang hanapin si Alex. Nakita niya ito sa isang mesa kasama ang isang pareha. Namukhaan niyang si Matthew ang lalaki. Ilang dipa na lamang ang layo niya roon nang marinig niya ang pinag-uusapan ng mga ito.

“Mabuti na lang sinalo mo ang isang iyon.” Tumawa si Matthew. Tumawa na rin ang babaeng kasama nito.

“Yung matabang iyon, don’t tell me inaasahan niyang sisiputin siya ni Miggy,” anang babae.

“Hindi siya bagay kay Miggy, kahit saang anggulo,” sabi pa ni Matthew.

“Yes, I agree,” ani Alex.

Hindi na siya nakinig pa. Kung akala niya ay iba si Alex at hindi tumitingin sa panlabas na anyo ng isang tao, nagkamali siya. Napaluha siya sa narinig. Hindi niya akalaing sasamahan pa nito si Matthew sa panunukso sa kanya. Tumakbo siya patungo sa kanyang silid. Ini-lock niya ang pinto.

It had all been a mistake. Hindi na dapat itinuloy ang kasayahang iyon, alam na niya dati pa ang magiging resulta. Itinapon niya sa basurahan ang tiramisu na ibibigay sana niya kay Alex.

*P.H.A.T. (Pretty, Hot And Tempting) Barbie - Venice Del Valle*

*Ang walanghiyang iyon! Pare-pareho ang mga lalaki!*

Panay panlabas na ganda lamang ang napapansin ng mga ito. Kailangan maganda, matangkad, at higit sa lahat, sexy. Na para bang that defines the character of a woman. Kung malaki ang boobs, okay na okay. Pero kung bilbil ang malaki, turn-off! Pero paano naman kung utak ang malaki? Hindi rin counted, sino ba ang may gusto ng babaeng disente at matalino? Wala na, katawan na lamang ang habol ng mga lalaki ngayon!

Ipinagpatuloy niya ang pag-iyak habang nakasubsob sa kama. Nadumihan na nga ng lipstick at mascara ang punda ng unan niya. Pero wala siyang pakialam.

Matapos ang ilang minuto, kumatok ang kanyang ina sa pinto ng silid niya. Minabuti niyang huwag buksan iyon at magpanggap na walang tao sa loob.

# 3

Isa na namang sulat ang naisilid sa ilalim ng gate nila. Napailing si Marcela nang pulutin iyon. Nanginginig pa siya habang luminga-linga sa paligid. Baka lang nasa di-kalayuan pa ang kung sinumang nag-iwan niyon. Napabuntong-hininga siya at siniguro niyang naka-lock ang kanilang gate.

Mabilis siyang pumasok sa bahay. Nag-aagahan pa lamang ang kanyang asawa. Wala na sana siyang balak basahin pa ang sulat na iyon, much less, ang ipabasa iyon sa ginoo. Dapat sana ay sanay na sila sa mga ganoong banta, ngunit ang totoo, madalas pa rin siyang masindak tuwing may nagtatangka sa buhay ng kanyang kabiyak.

Mabuting tao si Rodrigo, at fair ito sa pagbababa ng sentensya. Hindi ito katulad ng iba na nagpapasindak sa masasamang-loob. At lalo namang hindi ito nagpapa-bribe upang ipanalo ang kaso ng mga kriminal. Sa mahabang panahong naging hukom ito sa Regional Trial Court sa kanilang lugar, ni minsan ay hindi ito naparatangan ng kung anumang masama. Tapat ito, at higit sa lahat, naging personal na adhikain nito na patuloy na pamayanihin ang

hustisya.

Sa kadahilanang ito kung bakit maraming nagbabanta sa buhay nito. At lately, iyon ang pinakagrabe sa lahat. Halos araw-araw silang may natatanggap na banta. Iba-iba, minsan may tumatawag sa telepono, minsan sumusulat, minsan nag-te-text, at kung anu-ano pa.

Hindi naitago ni Marcela ang lihim. Tila alam na alam ng hukom tuwing may itinatagong sekreto ang may-bahay.

Ibinaba ni Rodrigo ang tasa ng kape at sinenyasan ang asawa na samahan ito sa hapag-kainan.

Nangangatog pa rin ang buong katawan niya, kahit pa sabihing matamis ang kanyang pagkakangiti sa asawa.

“Sabihin mo na, kakaiba ang ikinikilos mo,” anito.

“Naku, wala naman. Naisip ko lang, bakit hindi natin dagdagan ang bodyguards mo?” tanong niya, halatang natataranta ang tinig.

“Hmm... akin na. Pabasa,”

Kalmado lamang ito, ngunit tila may x-ray vision kung kaya alam nitong may itinatago siyang sulat sa

bulsa ng damit-pambahay niya.

Inilabas naman niya ang naturang sulat, nanginginig pa rin ang kamay niya. Mababanaag ang labis na pag-aalala sa kanyang mukha.

Si Rodrigo ang pumunit ng sobre at inilabas ang liham na nakalagay sa loob. Binasa niya iyon nang malakas, tila hindi nagpapatinag. *“Kapag hindi mo pinawalang-sala, babalikan namin ang pamilya mo.”*

Kung kanina ay matapang niyang binuksan ang liham, ngayon ay tila tinatalaban na rin siya ng banta. Noong una ay buhay lamang niya ang nakataya, ngunit ngayon, buhay na ng pamilya niya. Napakunot-noo siya.

“Rodrigo... papaano na iyan...?” tanong ni Marcela sa asawa.

Napabuntong-hininga ang matandang lalaki.

“Bakit naman kasi ang kulit ng batang iyan? Ilang beses ba kailangang sabihing mas makabubuti kung sa Amerika na lang muna siya,” aniya, pag-aalala at hindi galit ang nasa tinig.

“Ilang beses ko na nga ipinaliwanag, pero matigas ang ulo. Kailangan daw niya um-attend sa kasal ng kaibigan niya dahil siya ang magiging maid

P.H.A.T. (Pretty, Hot And Tempting) Barbie - Venice Del Valle  
of honor,” tugon nito.

Napailing lalo ang ginoo. “Tama na sa akin ang mga bodyguards ko, ang batang iyon ang inaalala ko.”

---

“Anak, hindi naman porque kaibigan ko si Marcela, eh, hindi ka na p’wede tumanggi,” sabi ni Margie sa anak.

Kani-kanina lamang ay tumawag ang kaibigan nito, nagtatanong kung sakali mang may kilala silang puwedeng maging bodyguard ni Barbie. Kailangan daw ay mapagkakatiwalaan at kung maaari ay personal na kakilala ni Alex.

“At saka hindi naman kailangang ikaw, Hijo,” dagdag nito.

Nasa tinig nito ang emosyon ng isang inang na-draft sa giyera ang kanyang anak. Kanina pa nito kinukumbinsi ang binata na maghanap na lang ng iba.

“Ma, I’m bored. Kelangan ko ng mapapaglibangan,” rason ni Alex.

“Anak naman! Maghanap ka ng ibang libangan! Delikado ito, napakaraming banta sa buhay nila.” Exasperated pa rin ang ginang sa nais niyang gawin.

“Kaibigan n’yo ang pamilya nila, di ba?”

Pinanlakihan siya ng mata ni Margie.

“Oo nga, pero mas mahalaga naman sa akin ang anak ko. Marami pang ibang p’wedeng magtaya ng buhay para sa kanila,” giit nito.

Ilang taon na rin nang namayapa ang ama ni Alex, at buhat noon, siya na ang tumayong padre de pamilya. Siya na rin ang dumisiplina sa mga kapatid na babae, ang naging takbuhan ng kanyang pamilya tuwing may problema. Graduate na siya ng BS Biology, ngunit hindi rin siya nagkaroon ng pagkakataong magamit iyon. Buhat kasi nang pumanaw ang ama, siya na ang nag-take over sa mga negosyo ng pamilya niya. Sa loob ng ilang taon, lalo pa niyang napalago ang kabuhayan ng pamilya niya. Kung noon ay pitong branches lamang ng botika ang mayroon sila, nasa fifteen na ngayon. Dumoble sa loob lang ng dalawang taon.

Ang totoo, na-cu-curious lang siya kay Barbie. Apat na taon na rin buhat noong una silang magkakilala, na siya ring naging huli nilang pagkikita. Hinanap niya ang dalaga noong gabing iyon, ngunit tila naglaho ito na parang bula. Ang sumunod niyang balita, nasa States na raw ito.

“Ma, wala na akong ibang ginawa kundi asikasuhin ang negosyo natin. Gusto ko naman ng pagbabago,” paliwanag niya sa biyuda.

Lalo pang nagngitngit si Margie. Alam nitong hindi na nito mababago ang isip ng anak oras na nagdesisyon na siya. Kung sana lang kasi hindi na nito ipinaalam sa kanya ang tungkol sa tawag ng kaibigan.

---

“Mommy, bukas po ng hapon ang dating ko. May susundo po ba sa akin sa airport?” tanong ni Barbie.

Huminga nang malalim si Marcela. “Ako muna ang susundo sa iyo, Anak. At hindi ka p’wedeng lumabas ng bahay hangga’t hindi pa nakakahanap ng bodyguard mo,” tugon nito.

“Okay, My. Ganoon na ba kalala ang sitwasyon? Si Daddy, kamusta po?”

“Ayun, lima ang bodyguards niya ngayon, at kapag umuwi ka na, magkakaroon ka rin.”

“O sige, My, mag-ingat po kayo, ha?”

“Sabi naman kasi sa iyo, huwag ka na muna umuwi. Mas mainam kung nand’yan ka sa US.”

Iyon na siguro ang huling pagkakataong susubukan ni Marcela na kumbinsihin ang anak na huwag na lang umuwi.

“Miss ko na kayo. ’My, saka dalawang taon na rin akong hindi nakakabalik ng Pilipinas,” paliwanag ni Barbie.

Napalunok na lamang ang ginang, alam nitong hindi na magbabago ang isip ng anak.

Matapos ang pag-uusap nila ng ina sa telepono, nagsimula na sa pag-iimpake ng damit ang dalaga. Sexy ang mga kasuotang isinilid niya sa maleta. Tiyak na magugulat ang mga taong makakakita sa kanya, lalo na iyong mga nakakakilala sa kanya.

*Hah! Tingnan natin kung hindi lumuwa ang mga mata nila!*

Ibinaon na niya sa limot ang matabang Barbie. Oras na para pangatawanan niya ang kanyang pangalan, katulad ng sexy doll na kapangalan niya. Hindi nga naman akmang ‘Barbie’ ang pangalan niya gayong napakataba niya—noon. Pero noon lang iyon, ibang-iba na siya sa ngayon. Hindi magugulat ang mga magulang niya dahil panay ang padala niya ng mga litrato sa mga ito. Pero ang mga kababayan niya, tiyak, magugulat sa kanyang transpormasyon.

P.H.A.T. (Pretty, Hot And Tempting) Barbie - Venice Del Valle

Disiplina, iyon ang pinakamahalaga. Binawasan niya ang pagkain ng kanin, panay ang inom niya ng fruit juice, at higit sa lahat, iniwasan niya ang mga pagkaing mayaman sa taba. In six months, umabot sa twenty-five inches ang waistline niya. Malaki ang ipinayat niya, at masaya siya sa katawan niya ngayon.

Pinili niya ang mga damit na iuuwi. Pilipinas pa rin naman iyon kung kaya dapat medyo conservative pa rin. Ayaw niyang magmukhang babaeng kaladkarin. Simula noong pumayat siya, nahilig na rin siya sa pag-sho-shopping. Marami siyang pinagpiliang damit bago matapos sa pag-iimpake.

Makaraan ang ilang oras, nasa airport na siya at pauwi sa bansang sinilangan. Nang nasa eroplano na siya, muli niyang naalala ang mga bagay-bagay kung bakit niya napagdesisyunang magpapayat. Pakiramdam niya ay nasa kaseksihan ng isang babae ang sukatan ng pagkatao nito. Alam niyang hindi iyon tama, pero ano ang magagawa niya? Kaya ba niyang ipamukha sa mga tao na hindi iyon ang mahalaga?

Paglapag ng eroplano sa *Ninoy Aquino International Airport*, lalo siyang na-excite.

Katulad ng napagkasunduan, ang kanyang ina ang sumalubong sa kanya sa airport. Isang kotse na noon lang niya nakita ang sinakyan nila patungo

*P.H.A.T. (Pretty, Hot And Tempting) Barbie - Venice Del Valle*

sa kanilang probinsya. Bukod pa sa driver na hindi kilala ni Barbie, isang maskuladong lalaki ang laman ng sasakyan.

“Anak, eto si Bruno, bodyguard ko. At iyon naman si Pepito, pareho silang asintado at subok na ang galing,” pakilala ni Marcela sa mga makakasama nila sa loob ng sasakyan.

“Magandang araw ho, Ma’am,” bati ng mga ito sa dalaga.

“Magandang araw din, salamat sa lahat. Sana hindi natin kailanganin ang galing n’yo sa bakbakan,” nakangiting tugon niya.

Matapos mailagay sa likod ng sasakyan ang kanyang maleta, binagtas na nila ang daan pauwi sa probinsya. Halos walong oras din ang naging biyahe nila.

---

“Hija! Hindi ako natutuwang makita ka, ang tigas ng kukote mo!” pabirong salubong ni Rodrigo nang marating na nila ang tahanan.

Niyakap siya ng ama at sinuri nito ang hitsura niya. Napakunot-noo ito sa nakita.

“Nag-drugs ka ba, Anak? O baka naman wala

*P.H.A.T. (Pretty, Hot And Tempting) Barbie - Venice Del Valle*

kang makain sa Amerika?” tanong nito.

Siniko muna niya ito bago sumagot, “Dad naman! Dapat nga matuwa kayo, eh, dahil hindi na pagtatawanan ang anak ninyo!” sagot niya.

Napailing ito. “Ah, mas maganda ka noong chubby ka pa,” anito na kabaligtaran ng reaksiyon kanina ng kanyang ina.

“Naku, kumain ka muna, Anak, pagkatapos ay magpahinga ka na,” paalala ni Marcela sa kanya.

“Oo nga naman, Hija, hindi ka pa naman p’wedeng lumabas. Mayamaya lang darating na ang magiging bodyguard mo,” saad ni Rodrigo.

Sumunod si Barbie. Matapos kumain, pumanhik na siya sa kanyang silid upang magpahinga. Pagbukas niya sa pinto, halatang bagong linis ang luma niyang silid. Naroon pa rin ang mga stuffed toys niya. At sa itaas ng dresser, naroon ang isang picture frame na may larawan niya noong eighteenth birthday niya. Napasimangot siya sa nakita at kaagad niyang ipinasok sa aparador ang nasabing kuwadro. Hindi na niya gustong maalala ang mga iyon... ang mapapait na alaala na tinamo niya dahil lang sa extra na taba sa katawan niya.

Matapos magbihis ay nahiga na rin siya sa kama.

Madali naman siyang nakatulog.

Alas doce na ng tanghali nang muli niyang imulat ang mga mata. Nakaramdam na rin siya ng kaunting pagkagutom. Kaagad siyang nagbihis ng damit at bumaba.

“Hindi ko inaasahang ikaw mismo ang darating, Hijo. Not that we regret having you here, may tiwala kami sa iyo,” narinig niyang sabi ni Marcela sa kung sinumang kausap nito sa sala.

“At your service, Tita. Kamusta na po pala si Barbie?” tanong ng lalaki.

Napaisip si Barbie. Pamilyar ang boses ng kausap ng kanyang ina, ngunit hindi niya maalala kung sino eksakto.

“Nagpapahinga pa siya sa itaas, mayamaya lang ay magigising na rin siya. Kamusta ang mama mo?” nais malaman ng ginang.

“Maayos naman po,” maikling sagot nito.

Tila lumundag ang kanyang puso. Hindi siya sigurado sa hinala pero pasasaan ba’t malalaman din niya ang kasagutan.